KATITIKAN NG 2022 TAUNANG PAGPUPULONG NG MGA KASAPI
NA GINANAP NOONG IKA-28 NG DISYEMBRE, 2022 SA GANAP NA IKA-9:20 NG HUMAGA, SA PAMAMAGITAN NG FACEBOOK LIVE.

MGA DUMALO:

CRISTINA L. TAMAYO
FELINA C. MAGNO
LOLITA M. GARVIDA
TERESITA C. CRUZ
TERESITA C. TING
MA.GLORIA T. DE JESUS
ALBERTO L. TIONGSON

IBA PANG DUMALO:

MARIA LUILLA T. SALAZAR
CARMENCITA C. LOPEZ
ADELAIDA C. DAVID
MARCELINA C. CALUAG
VIRGILIO V. MACLANG
ERNESTO BRIONES JR.
REDEL P. SANTIAGO
AI MARCELO
CELINE ANN ESTRELLA

``````````````````````````````````````````````````````````````````````````````````````````````

**I. Panalangin at Pag-Awit nang Lupang Hinirang**

Sinimulan ang pagpupulong sa pamamagitan nang panalangin at pagkatapos ay pag-awit nang Lupang Hinirang na pinangunahan ni Gng. Carmencita C, Lopez

**II. Pagbubukas at bating Pagtanggap**

Pinangunahan ni Dir. Cristina L. Tamayo ang pagbubukas ng 2022 Taunang Pagpupulong nang mga kasapi. Kanyang ipinaabot sa mga kasapi ang taus-pusong pasasalamat sa patuloy na suporta sa samahan.

**III. Pagtawag sa kaayusan ng Pagpupulong at Pagpapabatid ng Korum at Pagtalakay at pagpapatibay nang Minutes of Meeting (2021 General Assembly)**

Ang pagtawag sa kaayusan ng pagpupulong ay pinangunahan ni Dir. Ma. Gloria T. De Jesus, at pagkatapos ay isinabay ang pagpapatibay sa katitikan ng 2021 Taunang Pagpupulong.

IV. Pag-UUlat

a. Tagapangulo
``````````````````````````````````````````````````````````````````````````````````````````````

Iniulat nang Tagapangulo nang Board of Trustees, Dir. Cristina L. Tamayo ang mga mahahalagang pangyayari sa Tulungan MBAI mula nang Pandemic hanggang sa kasalukuyan. Ayon sa kanya, sa kabila nang epekto nang pandemic sa buong mundo, na isa ang Tulungan MBAI sa tinamaan nito, matagumpay pa ring nagampanan nang samahan ang tungkulin sa mga aktibong kasapi na pumanaw. Kanya ding ibinalita na patuloy ang pag-aaral upang madagdagan ang serbisyong insurance o seguro sa buong kasapian.

b. Oversight and Audit Committee

Ang pag-uulat nang Oversight and Audit Committee ay pinangunahan ni Dir. Lolita M. Garvida. Ang pagseguro sa maayos na pamamalakad ng samahan ang pinagtutuunan ng pansin ng Committee. Maayos nilang sinusuri ang mga palabas at papasok na transaction ng samahan. Bagamat kulang sa tauhan, maayos na nagagampanan ng mga empleyado ang kanilang tungkulin sa bong kasapian.

c. Remuneration and Review Comm ittee

Ang pag-uulat sa Remuneration and Review Committee ay pinangunahan ni Dir. Teresita C. Cruz. Ang pag-aaral sa benepisyong insurance ng mga kasapi ay ang pangunahing pinagtutuunan ng pansin ng Committee. Kaya naman, sa taong 2023 ilulunsad ang Enhanced BLIP Program at karagdagang Insurance product nang Tulungan MBAI.

d. Governance, Risk and Compliance Committee

Ang pag-uulat sa Committee ng Compliance ay pinangunahan ni Dir. Felina Magno. Sa kabila nang kapos sa kaalaman at kulang sa kasapi na may kinalaman sa batas ang Governance Risk and Compliance, sinisikap na matugunan ang lahat ng Compliance Requirements nang samahan. Kanyang hinimok ang sinumang kasapi na maaaring makatulong sa pag-unawa ng gawain ng Committee na ito ay maaaring pumunta sa tanggapan.

e. Advisory Council

Ang ulat ng Advisory Committee ay pinangunahan ni G. Albert Tiongson. Kanyang ipinaliwanang na ang Committee na ito ang siyang nagsisiguro kung tumutugon ang samahan sa Mission, Vision at Core Values nang samahan. Kanya ding ibinalita na sa kasalukuyan, ang kaso na nai-file sa Insurance Commission laban sa SRCDC ay may Resolusyon na at ito ay pumapabor sa samahan. Kanyang hiniling sa buong kasapian na isama sa dalangin ang patuloy na pag-unlad nang samahan.

f. Election Committee

Iniulat ni Gng. Adelaida David ang naging resulta nang Halalan 2022.

Ayon sa kanya, nakapagtala ang Committee nang 844 Voters, na kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. Manual Voters 68
2. Online Voters 429
3. Proxy Voters 347

g. Tagapamahala

Iniulat ni GM Malu kalalagayang Financial Condition nang samahan mula 2020 hanggang 2021. Sa panahong ito, mahirap ang pinagdaanan ng samahan. Kanyang hiniling sa buong kasapian kasama na ang mga Board of Trustees at Empleyado na magkaisa sa pagtutulungan upang makabangon ang samahan sa mga pagsubok na pinagdadaanan.

Kanya ding inilatag ang 2023 Development Plan nang samahan. Nakafocus ito sa pagrerecruit nang mga bagong kasapi at awareness nang mga produktong insurance sa buong kasapian. Ang Extended BLIP program para sa mga Exit Age nang BLIP ay ipatutupad na effective January 1, 2023. Bago matapos ang 2nd Quarter ng 2023 ay sisikaping mailunsad ang Tulungan Health Care.

V. Pagdeklara ng mga nanalong kandidato

Sa pangunguna ni Gng. Marcelina M. Caluag, idineklara ang mga nanalong kandidato sa ginawang Halalan 2022. Magkakaroon sila ng Oathtaking sa ika-30 nang Enero, 2023. Ipinabatid na lamang ang YES Vote sa pag-amyenda nang By-Laws

.

VI. Raffle

Nagkaroon nang pa-raffle na bigas at items sa mga nagrehistrong bumoto na kasapi. Ang lahat nang mga nanalo ay ipinost sa Facebook Page at Website nang Tulungan MBAI.

VII. Pagtindig nang Pagpupulong

Dahilan sa wala nang tatalakayin ang Taunang pagpupulong ay itinindig sa ganap na ika-12:10 nang tanghali.

Tagatalang Kalihim:

MARIA GLORIA T. DE JESUS

Binigyang pansin:

CRISTINA L. TAMAYO

TERESITA C. CRUZ

TERESITA C. TING

ALBERTO L. TIONGSON

FELINA C. MAGNO

LOLITA M. GARVIDA